CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Setyembre 2, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Utos sa Kalusugan ng Long Beach ay Magpapahintulot ng Muling Pagbubukas ng mga Panloob na Salon sa Buhok at Barbero

Ang Mga Serbisyong Panlabas ay Masidhing Inirerekomenda kung Maaari

Long Beach, CA - Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach(Kagawaran ng Kalusugan) ay maglalabas ng mga binagong protokol para sa Utos sa Kalusugan na Masligtas sa Tahanan na magpapahintulot sa mga salon at barbero na magbukas muli sa loob kung susundin nila ang mga patnubay na idinisenyo upang protektahan ang mga empleyado at patron at kontrolin ang pagkalat ng COVID-19. Ang pagbabago ay magiging epektibo Setyembre 3. Ito ay matapos ilabas ng Estado ang isang bagong sistema na may apat na antas, color-coded na sistema na gagamit ng pang-araw-araw na mga numero ng kaso ng coronavirus at mga rate ng pagiging positibo upang gabayan ang ligtas na muling pagbubukas ng mga negosyo.

“Nagsisimula kaming makakita ng ilang totoong progreso sa pagbaba ng parehong rate ng aming pagiging positibo at pagpapa-ospital,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kailangan nating manatiling mapagbantay at ligtas habang sumusulong sa pagdagdag ng karagdagang ligtas na pagbubukas muli.”

Ang bagong utos, epektibo bukas at hanggang sa karagdagang paunawa, ay nangangailangan na ang mga salon ng buhok at barbero ay sumunod sa mga alituntunin sa kaligtasan, kabilang ang:

- Nagpapatakbo sa maximum na 25% na kapasidad.
- Pagpapatuloy ng pagpapatakbo sa labas hanggang sa makakaya.
- Pagtiyak ng mga hakbang sa pisikal na pagdidistansya.
- Pagtiyak na ang lahat ay nakasuot ng mga panakip ng mukha habang nasa salon o barbero.
    - Ang mga kliyente ay dapat magsuot ng mga panakip ng mukha na may mga loop sa tainga upang matiyak na ang mga panakip ng mukha ay maaaring suotin sa buong serbisyo sa buhok.

- Ang pagtataguyod ng isang panlabas na pagtanggap kung saan maaaring mag-check in ang mga kustomer.
- Paglalagay ng mga hadlang (tulad ng plexiglass) sa mga lugar ng pagtanggap o iba pang mga lugar kung saan hindi mapapanatili ang pisikal na pagdistansya upang mabawasan ang pagkakalantad sa pagitan ng mga manggagawa at mga kustomer.
- Pag-stagger ng mga appointment upang mabawasan ang kasikipan at matiyak ang angkop na oras para sa tamang paglilinis at pagdidisimpekta sa pagitan ng bawat pagbisita ng kustomer.
    - Ang mga walk-in appointment ay hindi maaaring gamitin.
- Paglilingkod sa isang kliyente nang paisa-isa.
- Pag-uudyok sa paggamit ng mga credit card at mga walang kontak na sistema ng pagbabayad.
    - Kung hindi posible ang pagbabayad ng electronikong kard, ang mga kustomer ay dapat mayroong eksaktong pera na pang bayad o tseke, kung mayroon.
- Walang magagamit na mga magazine, kape, o iba pang mga amenidad.
- Ang iba pang mga negosyo sa personal na pag-aayos, tulad ng mga salon ng kuko at serbisyo sa spa, kabilang ang masahe, pangmukha at waxing ay ipinagbabawal pa rin.

Kamakailang-lamang ay lumipat ang Estado ng California mula sa pagsubaybay sa COVID-19 sa pamamagitan ng Listahan ng Pagsubaybay sa County sa isang apat na antas, color-coded na sistema upang matukoy ang mga pagpapatakbo. Ang Lungsod ng Long Beach at County ng Los Angeles ay nailagay sa antas na lila(Malaganap), na nagbibigay-daan sa mga salon, barbero, at mall na ipagpatuloy ang mga operasyon na panloob.

Ang aksyon na ito ay ipinatupad ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa mga Emerhensiyang Kapangyarihan sa ibinigay sa Manager ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya. Ito ay epektibo Setyember 3, 2020, at magpapatuloy hanggang sa mapalawak, bawiin, o baguhin sa pamamagitan ng pagsulat ng Opisyal ng Kalusugan.

Para sa pinakabagong impormasyong sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###